

1



Nanginginig ang buong katawan ni Sabina habang nakatayo siya sa labas ng private room ng isang bar at hinihintay ang hudyat mula sa kasama niyang handler-slash-bodyguard para pumasok.

Kahit pa nakasuot siya ng coat, yakap niya ang sarili dahil nilalamig siya. Nininerbyos kasi siya.

Sabina loved to dance. Buong buhay niya wala siyang maalalang araw na lumipas na hindi siya nagsayaw. School recital man iyan o habang naka-underwear sa kuwarto niya, sasayaw talaga siya dahil iyon ang nagpapasaya sa kanya.

Nagsayaw na siya para sa ibang tao. Nagsayaw siya para sa mga judges ng dance competitions, para sa mga lolo at lola sa isang nursing home nang mag-volunteer siya roon, para sa isang political ad ng isang kandidato sa pagkapangulo, para sa isang dance concert ng isang cultural group, at isang beses bilang back-up dancer ng isang noontime show host. Mula nang maging part-time instructor sa isang dance school, nagsasayaw siya linggo-linggo kasama ng mga estudyante niya.

Pero ngayon lang magsasayaw si Sabina para sa isang

grupo ng mga kalalakihan na ang objective lang ay ma-
arouse niya ang mga ito.

Yup, ngayong gabi, she was going to be a lap dancer.

Hindi naman sa aksidente ang dahilan kung bakit siya nandito ngayon. Hindi rin dahil nangangailangan siya ng pera at kapit na siya sa patalim. Mayaman naman siya, salamat sa manang natanggap niya mula sa yumaong ama.

Ang totoo, maganda ang intensyon niya kung bakit siya bigla na lang napunta sa ganitong sitwasyon.

At iyon ay dahil sa kaibigan niya.

Nagkakilala sila ni Lorraine noong unang araw nila sa dance school. Hindi pa sila close noon pero galit na galit siyang nagreklamo rito dahil for the nth time ay nahipuan na naman siya sa *MRT*.

Bukod sa pareho sila ng body type ng babae, pareho rin sila ng porma ni Lo. Mahilig sila sa mga tank tops, maiksi o hapit na mga palda, shorts, skinny jeans, at tubes.

Ang term ng kaibigan ay “classy sexy.” She’d have to agree. Mahilig siyang magpakita ng braso at balikat, maybe a hint of cleavage, a lot of leg. Pero sinisiguro naman ni Sabina na hindi kita ang panties niya kapag nakapalda siya at hindi rin iyong huminga lang siya nang malalim ay mani-nip slip na siya.

Gusto niya iyong sexy pero hindi kita ang kaluluwa.

Apparently, sapat lang ang suot niya noon para imbitahan ang mga kasabay sa public transport na sampolan ang mga assets niya. At dahil naka-relate sa kanya si Lo,

habang naghahanda sila para sa kanilang klase ay binalahura nila ang mga mga kalalakihan in general at ang mga manyakis in particular. Pagkatapos niyon, close na silang dalawa.

Naging magkaibigan sila ni Lo dahil na rin sa dami ng mga pagkakatulad nila. Pareho sila ni Lorraine na part-time instructors sa dance school na pinapasukan. Modern at street dance ang itinuturo niya habang belly dancing ang sa kaibigan. Pareho rin silang estudyante. Huling sem na niya sa *UP Diliman* kung saan kumukuha siya ng Broadcast Communication, at sa TESDA naman nagte-train si Lorraine para maging events coordinator.

Pero kung si Sabina ay hindi kailangang magtrabaho, thanks to the trust fund her father left her, single mother naman si Lorraine at may four-year-old baby girl na sinusuportahan. Kaya bukod sa pagiging instructor, may sideline ito na kailan lang nalaman ni Sabina.

Her sweet, beautiful, innocent-looking friend was also a part-time stripper.

Hindi prostitute si Lo. She had never had sex for money pero pole dance, lap dance at stripping? Ibang usapan na iyon. Basta ang rule daw nito ay “no touch.”

Matagal nang curious si Sabina kung ano ang feeling ng mga strippers, lap dancers at exotic dancers sa mga clubs. Hindi pa kasi niya nararanasan ang ganoon. Sa ibang babae, nakakababa raw ng respeto sa sarili ang magsayaw nang nakahubad sa harapan ng mga kalalakihan. Sa iba naman,

empowering daw ang experience.

Dahil sa curiosity na iyon at dahil na rin sa pagkakabigan nila ni Lo, napapayag siya nitong mag-cover para rito. Nagkasakit kasi ang anak nito at kinailangang dalhin sa ospital. Hindi na ito puwedeng mag-backout sa gig dahil hindi na maibabalik ni Lo ang downpayment dito. Nagastos na iyon ng kaibigan para sa mga gamot ng anak.

Itinanong ng babae kung gusto niyang subukan ang sideline nito. Noong una ay biro lang iyon ng kaibigan pero kalaunan, nagseryoso na ito dahil sa lahat daw ng puwedeng mag-sub dito, sa kanya raw ito may tiwala.

At dahil curious nga... heto, pumayag siya. Basta ba hindi siya hahawakan ng sasayawan niya at walang makakakilala sa kanya. One time deal lang, para lang talaga masubukan niya.

Kaya ngayon, nakatayo si Sabina sa corridor, nakatakip ang kalahati ng mukha ng isang jeweled mask, nakasuot ng kulay itim na bustier sa ilalim ng isang kulay khaki na trench coat, teeny, tiny bikini panties na kulay red, garter belt, stockings and black, sky-high stiletto heels habang hinihintay ang cue niya.

Muntik na siyang mapalundag nang bumukas ang pinto at sinenyasan siya ni Joe, ang kasama niyang bodyguard.

“Ready na sila,” anito.

Tumango siya, huminga nang malalim at sumunod sa lalaki papasok ng silid. Sinalubong siya ng malakas na sigawan at palakpakan. For a moment, she wanted to turn

around and run out of the room. Natakot siya bigla. But the music started and she took a deep breath.

Sige na. Try lang niya. One time lang.

Nang imulat ni Sabina ang mga mata, tumingin siya sa groom-to-be na nakaupo sa gitna ng silid. Nakatali sa likuran nito ang mga kamay ng lalaki at naroon ang matinding panic sa mukha nito. Nanlalaki ang mga mata nito na para bang bigla itong nakakita ng Rottweiler na papasugod dito at nagkataong may phobia ito sa aso.

Sabina smiled at him.

Don't worry, Kuya. Takot din ako ngayon.

Then she took a deep breath, and she began to dance.



Late nang dumating si Alaric Sarreal sa bachelor's party ng pinsan niyang si Conrad. Galing kasi siya sa opisina kung saan walang kalaban-laban siyang nag-overtime kagagawan mismo ng bachelor's party na ito.

Kaopisina niya ang ninety percent ng mga narito na pawang mga pinsan niyang kasama sa *Sarreal Law Offices*. Sa kanya iniwan ng mga hinayupak ang trabaho ng mga ito kaya siya ang hindi nakadating nang maaga. Partida, siya pa itong nagsa-summer job lang doon dahil may isang sem pa siya sa kolehiyo bago siya magtapos.

Sa *UP Diliman* nag-aaral si Alaric at kumukuha ng kursong Public Ad. Pagkatapos niyon saka pa siya kukuha ng Law bago siya pormal na sasali sa law firm ng pamilya nila.

Ngayon pa lang pagod na siya.

Hinanap niya ang private room kung saan ginaganap ang party, kumatok sa pinto bago iyon binuksan. Muntik na niyang makabangga ang isang babaeng nakasuot ng maskara at trenchcoat na papalabas naman.

“Oh, sorry,” sabi niya, tumabi para padaanin ito.

Ngumiti ito sa kanya kahit pa hindi naman siya tiningnan. “It’s okay. And thank you,” sagot nito bago siya nilampasan palabas ng silid.

Sinundan ni Alaric ng tingin ang babae, pero may humablot sa kanya at hinatak na siya papasok ng silid. It was his fraternal twin brother, Aric.

Magkamukha sila pero hindi identical. Marami ang pabirong nagsasabing, “Magkamukha kayo. Kambal ba kayo?” pero hindi inaasahan ang sagot nilang, “Oo, kambal talaga kami.”

Pitong minuto ang tanda niya rito pero aakalain mong pitong taon iyon sa layo sa EQ levels nila. Alaric was as serious and formal as Aric was happy-go-lucky and relaxed.

“Ba’t ngayon ka lang?” malakas nitong tanong. Mula sa ilaw sa labas, kita niyang namumula na ang mukha ni Aric at makinang ang mga mata. Malamang hindi nito unang beer ang hawak nito at iyon ang dahilan kung bakit medyo masaya ang kapatid.

“Nag-overtime ako. May pagkain—”

“Man! You missed the lap dancer!” putol ni Aric sa kanya bago tumungga mula sa boteng hawak nito. “Shit.

Sinasabi ko sa 'yo, ang galing niya!"

Itinuro niya ang corridor kung saan nakasalubong ang babae. "Actually, I didn't really miss her."

Ikinawit nito ang isang braso sa leeg niya. "Sa bachelor's party ko, gusto kong siya rin ang stripper ko!"

"Di ba dapat bride muna ang gusto mo at hindi stripper?"

Tumawa nang malakas si Aric at tinapik pa siya sa likod.

"Mas gusto ko ng stripper ngayon kesa asawa." Inabot nito ang isang bote ng beer mula sa isang mahabang ice tray at binuksan iyon para sa kanya.

Tinanggap na lang niya ang bote at nagkunwaring nakikinig habang ikinukuwento ni Aric ang performance ng stripper.

He and his brother were the sons of the current Chief Justice of the *Supreme Court of the Philippines* and a former associate justice of the *Sandiganbayan*. Nakuha nilang dalawa ang talino ng mga ito, ang galing sa pakikipag-debate at sa logic, pati na ang katigasan ng ulo, at baka pati ang kayabangan.

Pero sa kanilang dalawa ni Aric, ito ang mas magulang. Alaric was a bit of a by-the-book guy while his brother could twist anything, even the strictest of rules, to suit his needs.

Nang matapos ikuwento ng kapatid kung gaano kagaling magsayaw ang babae, nagsisisi na yata si Alaric na nag-overtime siya.

"Wala bang nag-video ng performance niya?" tanong

niya habang umiinom ng beer mula sa hawak na bote.

“Bawal, eh. Pero hanap tayo. Sigurado naman akong may pasaway sa mga ’to.”

“Huwag lang makita ni Regine ’yun. Baka iwan n’un si Con. Nasaan na nga pala ’yun?”

Aric snickered. “Baka nasa simbahan na, naliligo ng holy water.”

Natawa na rin si Alaric. Sa kanila kasing magpipinsan, si Con ang good boy. Hindi nila sinabi rito ang tungkol sa stripper dahil baka himatayin ito bago pa man pumasok ng venue.

Nagpatuloy sila sa inuman. Nang sa wakas ay makita niya ang groom, isinama nila ito sa kuwentuhan tungkol sa mga kalokohan nila at sa mga bagay na mami-miss ni Con kapag naikasal na ito. Pero mukhang walang pinagsisisihan ang lalaki. Masaya itong ikakasal na ito.

Bumuntong-hininga si Alaric. Nalulungkot yata siya. Naiinggit siya kay Con na nakahanap na ng love of his life. Single pa kasi siya at matagal nang walang girlfriend. Masyado kasi siyang busy sa trabaho gayung hindi pa siya graduate. Pagka-graduate naman niya, bubunuin pa niya ang law school at ang bar exams. Paano pa siya makakahanap ng babae sa lagay na iyon?

Nag-order na lang siya ng pagkain dahil nagugutom na siya. Hindi siya kayang buhayin ng beer at chicharong bulaklak ngayon.

Hindi na rin niya inisip ang mga naiwan pang trabaho

o na pasukan na sa sunod na linggo. His first class was on Tuesday—*Soc Sci 105*, Gender Issues in the Philippine Society, an elective that he signed up for dahil wala nang ibang available na subject at kailangan niya ng isa pang elective para maka-graduate. The class would start at 8:30 a.m.

Kinusot niya ang mga mata bago muling binalikan ang kuwentuhan ng mga pinsan. *Isang sem na lang, Alaric*, sabi niya sa sarili. Pagkatapos, magbabakasyon talaga muna siya bago siya pumasok sa law school. Iyon na siguro ang pinaka-pagrerebelde niya sa isang buhay na mula pa noong bata siya ay nakamapa na.

Magpapakalasing siya, magpapakasaya. He'd find a random woman to have a tidy little fling with, have sex with her in a hundred different positions in a hundred different places, pagkatapos ay makikipaghiwalay siya na walang pinagsisisihan at walang panghihinayang.

Pagkatapos saka siya babalik sa Pilipinas, papasok sa law school, sasali sa firm ng pamilya and live a quiet, respectable—boring—life.

Hindi na niya pinansin ang tinig sa likod ng isip niyang nagsabi na he wasn't looking forward to it.

